SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

# PAGLALAKBAY SA MGA SALING-PANITIKAN NG TIMOG SILANGANG ASYA: ISANG PAGDADALUMAT SA MGA KARANASAN SA PEDAGOHIYA, BALAKID AT KABATIRAN

**Charry L. Jorolan**
*Master of Arts in Teaching Filipino, Graduate School, Rizal Memorial Colleges, Inc.*
*Davao City, Mindanao Island, Philippines*

**ABSTRAK**

*Ang pag-aaral na ito na pinamagatang "Paglalakbay sa mga Saling-Panitikan ng Timog-Silangang Asya: Isang Pagdadalumat sa mga Karanasan sa Pedagohiya, Balakid, at Kabatiran" ay naglalayong mailarawan at maunawaan ang karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya sa asignaturang Filipino sa antas sekundarya. Ginamit sa pag-aaral ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang penomenolohikal na pagdulog. Sampung (10) gurong nagtuturo sa Filipino sa Baitang 9 mula sa Sangay ng Lungsod ng Davao ang naging kalahok sa pamamagitan ng purposive sampling. Isinagawa ang pinalalim na panayam at sinuri ang mga datos gamit ang tematikong pagsusuri. Batay sa resulta, lumitaw na gumagamit ang mga guro ng kontekstuwalisado, interaktibo, at nakatuon sa mag-aaral na mga estratehiya upang maging makahulugan ang pagkatuto. Gayunpaman, kinahaharap nila ang mga hamon tulad ng kakulangan sa mga sanggunian at kagamitang pampagtuturo, suliranin sa pagsasalin at talasalitaan, at mababang kawilihan ng mga mag-aaral sa panitikan. Sa kabuoan, ipinakita ng pag-aaral na mahalaga ang paggamit ng mga makabago at kontekstuwalisadong estratehiya, pati na ang patuloy na pagpapaunlad ng kaalaman at kasanayan ng mga guro, upang higit na mapahusay ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan sa Timog-Silangang Asya. Ipinapahiwatig din ng pag-aaral na kinakailangan ang sapat na suporta mula sa paaralan at mga kinakaukulang institusyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng angkop na kagamitang pampagtuturo, pagsasanay, at mga napapanahong sanggunian upang mas maging epektibo ang pagtuturo ng panitikan. Higit pa rito, mahalagang malinang sa mga mag-aaral ang pagpapahalaga sa kultura, pagkakakilanlan, at panitikang Asyano upang mapalawak ang kanilang kamalayang pangkultura at pag-unawa sa iba't ibang pananaw at karanasan sa rehiyon ng Timog-Silangang Asya.*

**MGA SUSING SALITA**: *Karanasan sa Pedagohiya, Balakid sa Pagtuturo, Kabatiran ng mga guro*

## I. PANIMULA

### Ang Suliranin at Kaligiran Nito

Sa kasalukuyang pagpapatupad ng kurikulum sa Filipino, mahalagang bahagi ng pagkatuto ng mga mag-aaral ang pag-aaral ng mga saling-akdang pampanitikan mula sa mga bansa ng Timog-Silangang Asya. Sa pamamagitan ng mga akdang ito, napalalawak ang kanilang pag-unawa sa magkakatulad at magkakaibang kultura, pagpapahalaga, at karanasang panlipunan ng mga mamamayan sa rehiyon. Gayunpaman, sa aktuwal na pagtuturo, nahaharap ang mga guro sa iba't ibang hamon tulad ng kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, limitadong sanggunian, kahirapan sa pagpapaliwanag ng mga kontekstong pangkultura, at pagpapanatili ng interes ng mga mag-aaral. Ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan mula sa Timog-Silangang Asya ay mahalagang bahagi ng kurikulum sa Filipino sapagkat nagiging daan ito upang mapalawak ang kaalaman ng mga mag-aaral hinggil sa kultura, kasaysayan, at pagpapahalaga ng mga karatig-bansa sa rehiyon. Sa pamamagitan ng mga saling-akda, nagkakaroon ng pagkakataon ang mga mag-aaral na maunawaan ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga mamamayan sa Timog-Silangang Asya at malinang ang kanilang kamalayang pangkultura.

Gayunpaman, sa aktuwal na implementasyon ng pagtuturo, maraming guro ang nahaharap sa iba't ibang hamon tulad ng kakulangan ng kagamitang pampagtuturo, limitadong sanggunian, kahirapan sa pagpapakahulugan ng mga tekstong nakaugat sa ibang kultura, at mababang kawilihan ng mga mag-aaral sa ilang akdang dayuhan. Ang mga hamong ito ay nagiging balakid sa mas malalim na pag-unawa at pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa panitikang Timog-Silangang Asya.

Bagaman may mga pag-aaral na tumatalakay sa panitikan, pagsasalin, at interkultural na pagkatuto, nananatiling limitado ang mga pananaliksik na nakatuon sa aktuwal na karanasan ng mga gurong nagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya sa antas sekundarya. Dahil dito, isinagawa ang pag-aaral upang mailarawan ang kanilang mga karanasan sa pedagohiya, mga balakid na kinakaharap, at mga kabatirang maaaring magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino.

**Paglalahad ng Suliranin**

Sa katiyakan, sinasagot ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1) Ano-ano ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng mga saling akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya?

2) Ano-ano ang mga hamon ng mga guro sa pagtuturo ng mga saling akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya?

3) Ano-anong kabatiran mula sa mga guro ng ika-9 na baitang sa pagtuturo ng mga saling akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya na maaaring input sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino sa antas sekundarya?

**Kahalagahan ng Pag-aaral**

Natanto ko bilang mananaliksik na ang mga mahalagang bunga ng pag-aaral na ito ay may malawak na kapakinabangan para sa iba't ibang sektor na tuwirang kaugnay sa pagtuturo at paglinang ng panitikan, sapagkat ang mga datos at kaisipang nakalap ay maaaring maging matibay na batayan sa pagpapabuti ng mga gawain sa loob ng paaralan. Una sa lahat, para sa mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon at mga tagapangasiwa ng mga paaralan, ang mga natuklasan ay maaaring magsilbing mahalagang salalayan sa pagtukoy ng mga tiyak na pangangailangan ng mga gurong hindi pangunahing bihasa sa Filipino na itinuturo ang mga akda sa Timog-Silangang Asya." Sa pamamagitan nito, higit na mauunawaan ang mga suliraning kinakaharap sa aktuwal na pagtuturo, kaya't magagamit ang mga ito sa maingat na pagbalangkas ng mga pagsasanay, gayundin sa pagbuo ng mga programang pantulong na nakatuon sa pagpapaunlad ng kakayahang teknikal ng mga guro.

Bukod dito, maaari ding magsilbing gabay sa mga tagapagdisenyo ng kurikulum ang mga resulta sa paghahanda ng mga kagamitang pampagtuturo tulad ng modyul, mga sipi ng gawain, at mga planong pampagkatuto sa tahanan, gayundin sa pagpapaunlad ng iba pang hakbang na naglalayong itaas ang antas ng pagtuturo ng panitikan.

Kasunod nito, para naman sa mga guro, ang mga natuklasan sa pag-aaral ay maaaring magsilbing mahalagang sanggunian sa patuloy na pagpapalakas ng kanilang gawi at estratehiya sa pagtuturo ng panitikang mula sa Timog-Silangang Asya. Sa ganitong paraan, ang mga kaisipang nakalap ay maaari nilang gawing batayan sa pagbuo at pagpapatupad ng mga programang nakatuon sa pagbasa at pag-unawa sa mahahalagang akdang pampanitikan, lalo na yaong mga itinuturing na obra maestra. Higit pa rito, ang mga temang lumitaw sa pag-aaral ay maaari ring maging pundasyon sa pagdisenyo ng mga pagsasanay na isinasagawa sa loob ng paaralan upang patuloy na mapalawak ang kakayahan ng mga guro. Kaakibat nito, maaari rin nilang gamitin ang mga resulta bilang gabay sa paghahanda ng mas angkop na kagamitang pampagtuturo, mga modelo ng pagtataya, at mga araling maaaring iugnay sa Edukasyon sa Pagpapakatao, sa layuning mapalawak ang ugnayan ng mga asignatura at maisakatuparan ang pagtuturong pinagsasanib ang iba't ibang larangan.

Sa huli, para sa mga mananaliksik sa hinaharap, ang mga datos at impormasyong bunga ng pag-aaral na ito ay maaaring magsilbing mahalagang sanggunian at matibay na batayang datos sa pagpapatuloy ng mga pag-aaral na may kaugnayan sa pagtuturo ng panitikan sa Timog-Silangang Asya. Dahil dito, inaasahan na ang mga susunod pang pananaliksik ay higit na mapayayaman ang pag-unawa sa mga lapit, suliranin, at mabubuting kasanayan sa larangang ito, kung kaya't ang kabuuang ambag ng pag-aaral na ito ay hindi lamang nagtatapos sa kasalukuyan kundi patuloy na magiging ambag sa pag-usbong ng mas malalim at mas malawak na kaalaman sa larangan ng pagtuturo ng panitikan.

## II. METODOLOHIYA

**Disenyo ng Pananaliksik**

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwalitatibong disenyo ng pananaliksik, partikular ang penomenolohikal na pagdulog, upang masuri at maunawaan ang mga buhay na karanasan ng mga gurong nagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya sa Filipino 9. Ang penomenolohiya ay isang pamamaraang nakatuon sa pag-unawa sa kahulugan at diwa ng mga karanasang ibinabahagi ng mga kalahok hinggil sa isang tiyak na penomenon. Sa pamamagitan ng pamamaraang ito, nailarawan ang kanilang mga karanasan sa pedagohiya, mga balakid na kinakaharap sa pagtuturo, at mga kabatirang nabuo mula sa kanilang mga aktuwal na danas sa loob ng silid-aralan.

Pinili ang penomenolohikal na pagdulog sapagkat ang pangunahing layunin ng pag-aaral ay hindi lamang mailarawan ang mga karanasan ng mga guro kundi higit na maunawaan ang kahulugan ng mga karanasang ito sa konteksto ng pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Ang mga datos ay nakalap sa pamamagitan ng malalimang panayam sa mga piling kalahok at sinuri gamit ang penomenolohikal na balangkas ni Moustakas (1994), kabilang ang pagkilala sa mahahalagang pahayag, pagbubuo ng kahulugan, pagpapangkat ng mga tema, at pagbubuo ng esensya ng kanilang karanasan.

Sa pamamagitan ng disenyong ito, naging posible ang mas malalim na pag-unawa sa mga karanasan, hamon, at kabatiran ng mga guro na maaaring magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng Filipino at panitikang Timog-Silangang Asya sa antas sekundarya.

**Mga Kalahok**

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay binubuo ng sampung (10) gurong nagtuturo ng Filipino sa Baitang 9 mula sa Cluster 2 ng Sangay ng Lungsod ng Davao, Rehiyon XI. Pinili sila sa pamamagitan ng purposive sampling batay sa mga itinakdang pamantayan.

Kabilang sa mga pamantayang ito ang kasalukuyang pagtuturo ng asignaturang Filipino sa Baitang 9, may hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo, at may aktuwal na karanasan sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya na bahagi ng kurikulum sa Filipino.

Pinili ang mga kalahok dahil sila ang may sapat na kaalaman at mayamang karanasan upang makapagbigay ng makabuluhang datos hinggil sa kanilang mga karanasan sa pedagohiya, mga balakid na kinakaharap, at mga kabatirang nabuo sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Bilang isang penomenolohikal na pag-aaral, mahalaga ang pagpili ng mga kalahok na may tuwirang karanasan sa penomenong sinisiyasat upang makalikom ng malalim at mapagkakatiwalaang impormasyon.

Upang mapanatili ang pagiging kompidensiyal at maprotektahan ang pagkakakilanlan ng mga kalahok, gumamit ng mga alyas o sagisag-panulat sa pag-uulat at pagsusuri ng mga datos. Ang kanilang pakikilahok ay kusang-loob at isinagawa lamang matapos makuha ang kanilang pahintulot alinsunod sa mga etikal na pamantayan sa pananaliksik.

**Mga Hakbang sa Paglikom ng mga Datos**

Isinagawa ang paglikom ng datos sa isang sistematiko at etikal na pamamaraan upang matiyak ang kredibilidad at pagiging mapagkakatiwalaan ng mga impormasyong nakalap. Unang humingi ng pahintulot ang mananaliksik mula sa Dekana ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Inc. upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos makuha ang pag-apruba, nagsumite ng liham-pahintulot sa Tagapamanihalang Pansangay ng Sangay ng Lungsod ng Davao upang mabigyang-daan ang pagsasagawa ng pananaliksik sa mga piling paaralan. Pagkatapos matanggap ang pahintulot, nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa mga punong-guro at mga gurong posibleng maging kalahok ng pag-aaral.

Matapos matukoy ang mga kalahok, ipinaliwanag sa kanila ang layunin ng pag-aaral at ang kanilang papel bilang mga kalahok. Binigyan sila ng Informed Consent Form bilang patunay ng kanilang kusang-loob na pakikilahok at bilang pagtiyak na nauunawaan nila ang layunin, proseso, at etikal na konsiderasyon ng pananaliksik. Ang mga kalahok ay binigyan din ng katiyakang mananatiling kompidensiyal ang kanilang pagkakakilanlan at ang lahat ng impormasyong kanilang ibabahagi.

Isinagawa ang malalimang panayam (in-depth interview) gamit ang isang balidado at semistrukturadong gabay sa panayam. Sa bawat panayam, pinahintulutan ang mga kalahok na malayang maibahagi ang kanilang mga karanasan, balakid, at kabatiran hinggil sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Ang mga panayam ay nirekord sa pahintulot ng mga kalahok upang matiyak ang katumpakan ng mga datos na makakalap.

Pagkatapos ng pangangalap ng datos, isinagawa ang verbatim na transkripsyon ng mga naitalang panayam. Ang mga transkripsyon ay masusing sinuri at inorganisa bilang paghahanda sa pagsusuri ng datos. Sumunod na isinagawa ang penomenolohikal na pagsusuri gamit ang balangkas ni Moustakas (1994), kabilang ang pagkilala sa mahahalagang pahayag, pagbubuo ng kahulugan, pagpapangkat ng mga tema, at pagbubuo ng esensya ng karanasan ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng prosesong ito, nabuo ang mga pangunahing temang sumasalamin sa kanilang mga karanasan sa pedagohiya, mga balakid, at mga kabatiran sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya.

**Pagsusuri ng mga Datos**

Ang mga nakalap na datos mula sa malalimang panayam ay sinuri gamit ang penomenolohikal na pamamaraan ni Moustakas (1994) upang matukoy at maunawaan ang esensya ng mga karanasan ng mga kalahok hinggil sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya. Ang pagsusuring ito ay isinagawa sa pamamagitan ng sistematikong pag-oorganisa, pagbibigay-kahulugan, at pagpapangkat ng mga datos upang mabuo ang mga pangunahing tema na sumasalamin sa kanilang mga karanasan, balakid, at kabatiran.

Bilang unang hakbang, isinagawa ang epoche o bracketing, kung saan sinikap ng mananaliksik na isantabi ang sariling pananaw, karanasan, at pagpapalagay upang maiwasan ang pagkiling sa interpretasyon ng mga datos. Sumunod dito ang horizontalization, kung saan tinukoy at inisa-isa ang lahat ng mahahalagang pahayag mula sa mga transkripsyon ng panayam. Ang mga pahayag na ito ay nagsilbing batayan sa pagtukoy ng mga makabuluhang karanasan ng mga kalahok.

Matapos nito, binigyang-kahulugan ang mga mahahalagang pahayag upang makabuo ng mga yunit ng kahulugan. Ang magkakaugnay na kahulugan ay pinagsama-sama at inayos sa mga kategorya hanggang sa mabuo ang mga pangunahing tema. Isinagawa rin ang tekstural na paglalarawan upang maipakita kung ano ang naranasan ng mga kalahok at estruktural na paglalarawan upang maunawaan kung paano nila naranasan ang mga ito sa loob ng kanilang konteksto bilang mga guro.

Sa huling yugto, pinagsama ang tekstural at estruktural na paglalarawan upang mabuo ang kabuoang diwa o esensya ng karanasan ng mga kalahok. Mula rito ay nabuo ang mga pangunahing temang naglalarawan sa kanilang mga karanasan sa pedagohiya, mga balakid na kinakaharap, at mga kabatirang maaaring magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya sa antas sekundarya.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

## III. PAGTALAKAY NG MGA KINALABASAN

**Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Saling-Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya**


Lumitaw sa pag-aaral na ang mga karanasan ng mga guro sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya ay nahubog sa apat na pangunahing tema: (1) mga hamon sa pagtuturo, (2) mga estratehiya at pag-angkop sa pagtuturo, (3) pagpapalalim ng pag-unawa at interkultural na kamalayan, at (4) kahalagahan ng wikang Filipino sa pagkatuto. Ipinakikita ng mga temang ito na ang pagtuturo ng mga saling-akda ay hindi lamang simpleng paglilipat ng kaalaman kundi isang masalimuot na proseso ng pag-uugnay ng wika, kultura, at karanasan upang maging makabuluhan ang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Una, ipinakita ng mga kalahok na isa sa pinakamalaking hamon sa pagtuturo ay ang kakulangan sa mga sanggunian at kagamitang pampagtuturo. Naging mahirap para sa kanila ang paghahanap ng mga angkop na materyales at mga karagdagang sanggunian na makatutulong sa mas malalim na pagtalakay ng mga akdang pampanitikan. Kasabay nito, nahaharap din sila sa suliraning dulot ng hindi pagiging pamilyar ng mga mag-aaral sa mga akdang nagmumula sa ibang bansa at sa mababang antas ng interes at pag-uugnay ng mga mag-aaral sa mga tekstong kanilang binabasa. Dahil dito, kinakailangan ng mas masusing pagpapaliwanag at pag-uugnay ng mga akda sa lokal na karanasan upang maging makabuluhan ang pagkatuto.

Sa kabila ng mga hamong ito, ipinakita ng mga guro ang kanilang pagiging malikhain at mapamaraan sa pagtuturo. Gumamit sila ng iba't ibang estratehiya tulad ng paggamit ng teknolohiya, mga pantulong na bidyo, pananaliksik, lokalisasyon ng mga aralin, at kolaboratibong gawain upang higit na mapadali ang pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga estratehiyang ito ay nagsilbing mahalagang tugon upang maging mas kawili-wili, interaktibo, at makabuluhan ang pagtuturo ng mga saling-akda.

Napatunayan din sa pag-aaral na ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ay nakatutulong sa pagpapalalim ng interkultural na kamalayan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pag-aaral ng mga akda mula sa iba't ibang bansa sa Timog-Silangang Asya, nagkaroon sila ng mas malawak na pag-unawa sa pagkakatulad at pagkakaiba ng mga kultura sa rehiyon. Bunga nito, nahubog ang kanilang paggalang sa iba’t ibang paniniwala, tradisyon, at pagpapahalaga habang napalalawak din ang kanilang pananaw sa mundo.

Isa pang mahalagang natuklasan ay ang mahalagang papel ng wikang Filipino sa pagtuturo ng mga saling-akda. Ipinahayag ng mga kalahok na higit na nauunawaan ng mga mag-aaral ang mga akda kapag ito ay naipaliliwanag sa kanilang sariling wika. Nakatutulong ang wikang Filipino sa mas malalim na internalisasyon ng mga konsepto, pagpapahalaga sa kultura, at pagpapatibay ng kanilang pagkakakilanlang Pilipino. Dahil dito, nagsisilbi itong mahalagang tulay sa pagitan ng mga panitikang banyaga at ng sariling karanasan ng mga mag-aaral.




***Talangguhitan 1. Ang Karanasan ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Saling Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya***

**Mga Hamon ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Saling-Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya**


Natukoy sa pag-aaral ang tatlong pangunahing hamon na kinakaharap ng mga guro sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya: kakulangan sa sanggunian at kontekstuwal na kaalaman, adaptibong pedagohiya, at pagpapaigting ng kawilihan at interkultural na pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang mga hamong ito ay nagpapakita ng masalimuot na katangian ng pagtuturo ng mga akdang nagmumula sa iba't ibang kultura at wika.

Ang kakulangan sa sanggunian at kontekstuwal na kaalaman ang isa sa mga pinakamatinding hamon na binanggit ng mga kalahok. Ayon sa kanila, limitado ang mga aklat at sangguniang maaaring gamitin sa pagtuturo, at madalas ay kinakailangan pa nilang magsalin o magsaliksik ng karagdagang impormasyon upang maipaliwanag nang mabuti ang mga akda. Higit pa rito, kinakailangan din nilang maunawaan ang kultura, kasaysayan, at konteksto ng mga bansang pinagmulan ng mga akda upang maging makabuluhan ang kanilang pagtuturo.

Bilang tugon sa mga hamong ito, ipinakita ng mga guro ang kanilang adaptibong pedagohiya. Gumamit sila ng mga makabagong estratehiya tulad ng online resources, role-playing, game-based learning, peer teaching, at collaborative learning upang mapanatiling buhay at makabuluhan ang mga talakayan. Ang kanilang pagiging maparaan ay nagbigay-daan upang mapagtagumpayan ang limitasyon sa mga kagamitan at mapataas ang antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral.

Lumitaw rin na isang malaking hamon ang pagpapaigting ng kawilihan ng mga mag-aaral sa pagbasa ng panitikan. Dahil sa impluwensiya ng teknolohiya at social media, napansin ng mga guro ang pagbaba ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa. Bilang tugon, iniuugnay nila ang mga akda sa kulturang Pilipino at sa mga personal na karanasan ng mga mag-aaral upang maging mas malapit at makahulugan ang mga aralin. Sa pamamagitan nito, hindi lamang nahuhubog ang kasanayang pangwika kundi pati na rin ang interkultural na pag-unawa at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal




*Talangguhitan 2. Ang mga Hamon ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Saling Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya*

**Kabatiran ng mga Guro sa Pagtuturo ng mga Saling-Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya**

Mula sa mga karanasan at hamong kanilang naranasan, nabuo sa mga guro ang mahahalagang kabatiran na maaaring magsilbing batayan sa pagpapaunlad ng pagtuturo ng panitikan. Lumitaw sa pagsusuri ang apat na pangunahing tema: pagpapalalim ng kaalamang pangnilalaman sa panitikan, paglinang ng inobatibong pagtuturo, propesyonal na paglago, at pagtaguyod ng makabansang identidad.

Napatunayan ng mga kalahok na mahalaga ang malalim na kaalaman sa kultura, kasaysayan, at konteksto ng mga akdang pampanitikan upang maging epektibo ang pagtuturo. Naniniwala silang kinakailangan ang patuloy na pananaliksik at pag-aaral upang higit na maunawaan ang mga tekstong kanilang itinuturo at maipaliwanag ang mga ito nang malinaw sa mga mag-aaral.


Lumitaw din ang kahalagahan ng inobatibong pagtuturo. Napagtanto ng mga guro na higit na nagiging epektibo ang pagkatuto kapag gumagamit sila ng mga estratehiyang nakaangkla sa karanasan, pangangailangan, at antas ng pag-unawa ng mga mag-aaral. Ang paggamit ng contextualized learning, collaborative learning, role-playing, at game-based activities ay nakatutulong upang maging mas makahulugan ang mga aralin.

Mahalaga rin para sa mga kalahok ang patuloy na propesyonal na paglago. Binigyang-diin nila ang pangangailangan ng mga seminar, workshop, at iba pang pagsasanay upang mapayaman ang kanilang kaalaman at kakayahan sa pagtuturo. Naniniwala silang ang kolaborasyon at pagbabahaginan ng mga materyales at estratehiya sa kapwa guro ay mahalagang salik sa pagpapabuti ng kalidad ng edukasyon.

Sa huli, ipinakita ng pag-aaral na ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya ay may mahalagang ambag sa pagtaguyod ng makabansang identidad. Sa pamamagitan ng paghahambing at pag-uugnay ng mga kultura sa rehiyon, higit na napapalalim ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wika at kulturang Pilipino. Nagsisilbi itong daan upang maunawaan nila ang ibang kultura habang pinatatatag ang kanilang sariling pagkakakilanlan bilang Pilipino.

Sa kabuuan, ipinakikita ng mga kinalabasan ng pag-aaral na ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya ay isang masalimuot ngunit makabuluhang gawaing pedagohikal. Sa kabila ng mga hamon, napatunayan ng mga guro ang kanilang kakayahang umangkop, magsaliksik, at lumikha ng mga estratehiyang nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto, interkultural na kamalayan, at pagpapahalaga sa wikang at kulturang Filipino.

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal




*Talangguhitan 3. Kabatiran Mula sa mga Guro ng Ika-9 na Baitang sa Pagtuturo ng mga Saling Akdang Pampanitikan ng Timog-Silangang Asya*

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

## IV. IMPLIKASYON AT REKOMENDASYON

### Mga Implikasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga implikasyon:

1) Ang pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog
Silangang Asya ay hindi lamang nakatuon sa pagtalakay ng teksto kundi isang mahalagang proseso ng pagpapalalim ng kamalayang pangkultura, makabansang identidad, at pagpapahalaga sa wikang Filipino. Napatunayan sa pag-aaral na mahalagang maunawaan ng mga guro ang kultura, kasaysayan, at konteksto ng mga akda upang maging makabuluhan at higit na maiugnay ito sa karanasan ng mga mag-aaral. Pinagtitibay nito ang Nationalism Theory ni Greene (2004) na nagsasaad na mahalagang tuwirang maituro ang kaalamang may kaugnayan sa kabansaan upang higit na malinang ang kamalayan ng kabataan sa sariling kultura, pagkakakilanlan, at pagiging bahagi ng isang bansang may natatanging kakanyahan.

2) Lumitaw sa pag-aaral na ang paggamit ng inobatibo, kontekstuwalisado, at mga estratehiya naka-tuon sa mag-aaral ay nakatutulong upang mapataas ang kawilihan at mapalalim ang pag-unawa ng mga mag-aaral sa mga saling-akdang pampanitikan. Ang pagtataguyod ng pagsasadula, larong pangwika, kolaboratibong estratehiya sa pagkatuto, lokalisasyon, at integrasyon ng teknolohiya ay nagpapakita ng kakayahan ng mga guro na umangkop sa nagbabagong pangangailangan ng mga mag-aaral at ng makabagong panahon. Kaugnay nito, pinatutunayan ng pananaw nina Mwanza at Engeström (2005) na ang mga guro ay kailangang maging bukas sa mga makabagong dulog at teknolohiyang pampagtuturo upang maging makabuluhan at napapanahon ang proseso ng pagkatuto.

3) Napatunayan din sa pag-aaral na nananatiling malaking hamon sa mga guro ang kakulangan sa mga sanggunian, kagamitang pampagtuturo, at kontekstuwal na materyales sa pagtuturo ng mga saling-akda. Sa kabila nito, ipinakita ng mga kalahok ang kanilang pagiging mapamaraan, masikap, at malikhain sa paghahanap ng mga alternatibong estratehiya at mga kagamitang pampagtuturo upang maitaguyod ang pagkatuto ng mga mag-aaral. Ipinaalam nito na ang mga guro ay nagtataglay ng katatagan at kakayahang harapin ang mga suliranin sa kanilang propesyon, na umaayon sa *Teacher Resilience Theory* ni O'Scanaill (2020) na nagsasabing ang mga guro ay may kakayahang muling patatagin at buhayin ang kanilang sarili sa gitna ng mga hamon at pagbabago sa larangan ng edukasyon.

4) Lumitaw rin na mahalaga ang propesyonal na kolaborasyon, mga pagsasanay, mga palihan, at pagbabahaginan ng mga mabisang estratehiya upang higit na mapahusay ang kakayahan ng mga guro sa pagtuturo ng panitikan. Ang pakikipag-ugnayan sa kapwa guro at patuloy na pagpapaunlad ng sarili ay nagsisilbing mahalagang salik upang higit na maging handa ang mga guro sa pagharap sa mga hamon ng makabagong edukasyon. Ipinabatid nito na ang patuloy na paglinang ng kaalaman at kasanayan ay mahalaga upang makaagapay sa mga pagbabagong dulot ng kasalukuyang panahon.

5) Higit sa lahat, ipinamasid ng pag-aaral na ang mga guro ay nagsisilbing tagapag-ugnay ng panitikan, kultura, at kamalayang makabansa. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya, hindi lamang nila naipaunawa ang iba't ibang kultura kundi napalalim din nila ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa sariling wikang Filipino at kulturang Pilipino. Sa kabila ng mga hamon, napatutunayan ng mga guro ang kanilang kakayahang maging matatag, mapanuri, at adaptibo upang maisakatuparan ang isang makabuluhan, makakultura, at makataong pagtuturo ng panitikan sa antas sekundarya.

### Mga Rekomendasyon

Ang mga sumusunod na implikasyon ng pag-aaral:

1) Inirerekomenda sa Kagawaran ng Edukasyon (DepEd) na higit
pang paigtingin ang pagbibigay ng sapat, napapanahon, at kontekstuwalisadong mga sanggunian at kagamitang pampagtuturo kaugnay ng mga saling-akdang pampanitikan ng Timog-Silangang Asya upang higit na matulungan ang mga guro sa paghahanda at pagsasagawa ng makabuluhang pagtuturo.

1) Iminumungkahi rin na magsagawa ng mas marami pang
pagsasanay at palihan para sa mga guro sa Filipino na nakatuon sa interkultural na pedagohiya, kaalaman sa nilalaman, pagsasalin, at paggamit ng mga inobatibo at estratehiyang nakatuon sa mag-aaral sa pagtuturo ng panitikan.

2) Inirerekomenda sa mga guro sa Filipino na patuloy na paunlarin ang kanilang kaalaman sa kultura, kasaysayan, at panitikan ng mga bansang kabilang sa Timog-Silangang Asya sa pamamagitan ng masusing pananaliksik, kolaborasyon, at paggamit ng iba't ibang mapagkakatiwalaang sanggunian upang higit na mapalalim ang kanilang kakayahan sa pagtuturo.

3) Hinihikayat ang mga guro na higit pang gumamit ng kontekstuwalisado, makabago, at mga estratehiya na nakatuon sa mag-aaral tulad ng pagsasadula, larong pang-wika, kolaboratibong pagkatuto, lokalisasyon, at pagsasanib ng teknolohiya upang mapataas ang kawilihan, paglahok, at pag-unawa ng mga mag-aaral sa panitikan.

4) Iminumungkahi rin ang pagpapaigting ng mga programang pangwika at pangkultura sa mga paaralan upang higit na malinang ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa wikang Filipino, kulturang Pilipino, at interkultural na pag-unawa bilang paghahanda sa pagiging responsableng mamamayan sa isang multikultural na lipunan.

5) Inirerekomenda sa mga tagapamahala ng paaralan na suportahan ang mga guro sa pamamagitan ng paglikha ng mga pagkakataon para sa propesyonal na paglago, at pagbabahaginan ng mga estratehiya at kagamitang pampagtuturo upang higit na mapalawak ang kanilang propesyonal na kakayahan.

6) Para sa mga susunod na mananaliksik, iminumungkahing magsagawa pa ng kaugnay na pag-aaral hinggil sa pagtuturo ng mga saling-akdang pampanitikan gamit ang iba't ibang disenyo ng pananaliksik, mas malawak na saklaw ng kalahok, at iba pang antas ng edukasyon upang higit pang mapalawak at mapagtibay ang mga natuklasan ng kasalukuyang pag-aaral.

## V. SANGGUNIAN


1. *Almonte, R., & Cabrillas, J. (2020). Challenges in teaching Asian literature in secondary schools. Philippine Journal of Education, 98(2), 45–58.*
2. *Anderson, B. (2019). Imagined communities: Reflections on the origin and spread of nationalism (Rev. ed.). Verso.*
3. *Babbie, E. (2020). The practice of social research (15th ed.). Cengage Learning.*
4. *Baker, M. (2018). In other words: A coursebook on translation (3rd ed.). Routledge.*
5. *Baker, M. (2018). Translation and conflict: A narrative account (2nd ed.). Routledge.*
6. *Banks, J. A. (2021). An introduction to multicultural education (7th ed.). Pearson.*
7. *Bañez, R. M., Arañez, R. M., & Veneranda, J. M. B. (2025). Fostering cross-cultural understanding through Southeast Asian multicultural literature: Insights from preservice ESL teachers' learning experiences. Community and Social Development Journal.*
8. *Beauchamp, T. L., & Childress, J. F. (2019). Principles of biomedical ethics (8th ed.). Oxford University Press.Boedeker, P. J.Moreno, N. P., Newell, A. D., Maheshwari, A., McMillin,*
9. *M. A., Tippen, S. P., Pillow, M. T., & Bergemann, A. D. (2025).Pedagogical content knowledge as a lens for transforming teaching in medical and health professions education. Medical ScienceEducator, 35(3), 1707–1714.https://doi.org/10.1007/s4067002502325-8*
10. *Carter, P. (2018). Teaching translated literature in multicultural classrooms. International Journal of Literary Studies, 12(3), 101–115.*
11. *Covar, P. R. (1998). Larangan: Seminal essays on Philippine culture. National Commission for Culture and the Arts.*
12. *Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2018). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (5th ed.). SAGE Publications.*
13. *Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications.Creswell, J. W., & Creswell, J. D. (2023). Research design: Qualitative, quantitative, and mixed methods approaches (6th ed.). SAGE Publications.*
14. *Damrosch, D. (2020). Comparing the literatures: Literary studies in a global age. Princeton University Press.*
15. *Darling-Hammond, L., Hyler, M. E., & Gardner, M. (2020). Effective teacher professional development. Learning Policy Institute.*
16. *Faden, R. R., Beauchamp, T. L., & Kass, N. E. (2020). Informed consent, comparative effectiveness, and learning health care. Oxford University Press.*
17. *Gay, G. (2018). Culturally responsive teaching: Theory, research, and practice (3rd ed.). Teachers College Press.*
18. *Gelling, L., Ersser, S., Heaslip, V., Tait, D., & Trenoweth, S. (2021).Ethical conduct of nursing research. Journal of Clinical Nursing, 30(23–24), 3519–3521. https://doi.org/10.1111/jocn.16038*
19. *Given, L. M. (2008). Lived experience. In L. M. Given (Ed.), The SAGE encyclopedia of qualitative research methods (p. 490). SAGE Publications.*
20. *Greene, G. (2004). The quiet American. Vintage Classics.*
21. *Habeeb, L. S., & Jameel, A. S. (2023). Investigating the translation strategies that English language students utilized in translating diverse topics. Dirasat: Human and Social Sciences, 50(6), 1–14.*
22. *Hau, C. S. (2017). Elites and ilustrados in Philippine culture. Ateneo de Manila University Press.*
23. *Kramsch, C. (2020). Language and culture. Oxford University Press.*
24. *Kramsch, C. (2020). Language as symbolic power. Cambridge University Press.*
25. *Lumbera, B. (2005). Tagalog poetry 1570–1898: Tradition and influences in its development. Ateneo de Manila University Press.*
26. *Lincoln, Y. S., & Guba, E. G. (1985). Naturalistic inquiry. SAGE Publications.*
27. *Llaneta, M., & Soriano, D. (2021). Contextualized teaching of Southeast Asian literature in Philippine secondary schools. Asia Pacific Journal of Education, 41(2), 77–89.*
28. *Lombardi, M. M., & Oblinger, D. G. (2007). Authentic learning for the 21stcentury: An overview. EDUCAUSE Learning Initiative. https://www.educause.edu*
29. *Martin, S., & Cruz, E. (2022). Multimedia integration in literature teaching among Grade 9 learners. Journal of Educational Research and Innovation, 15(1), 33–47.*
30. *Moustakas, C. (1994). Phenomenological research methods. SAGE Publications.*
31. *Mwanza, D., & Engeström, Y. (2005). Managing content in e-learning environments. British Journal of Educational Technology, 36(3), 453–463.*
32. *Nguyen, T., & Tran, H. (2021). Pedagogical approaches in teaching Southeast Asian literature. Asian Education Review, 9(4), 88–102.*
33. *Nguyen, T. H. (2023). Teaching translated literature in ASEAN classrooms: Challenges and pedagogical responses. Journal of Southeast Asian Education, 8(1), 22–38.*
34. *O'Scanaill, M. (2020, December 2). 3 elements of teacher resilience in2020. Dyknow. https://dyknow.com/blog/3-elements-of-teacher resilience-in-2020/*
35. *Patton, M. Q. (2015). Qualitative research & evaluation methods (4th ed.). SAGE Publications..*

SJIF Impact Factor (2026): 8.863| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
**EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)**
Volume: 11 | Issue: 6 | June 2026 - Peer Reviewed Journal

36. *Polkinghorne, D. E. (1995). Narrative configuration in qualitative analysis. International Journal of Qualitative Studies in Education, 8(1), 5–23.*
37. *Pym, A. (2021). Exploring translation theories (2nd ed.). Routledge.*
38. *Rahman, A. (2020). Regional identity through Southeast Asian literary education. Southeast Asian Journal of Humanities, 14(2), 55–70.*
39. *Resnik, D. B. (2020). What is ethics in research & why is it important? National Institute of Environmental Health Sciences. https://www.niehs.nih.gov/research/resources/bioethics/whatis*
40. *Sankaran, C. (2019). Contextualizing the neighbor: Pedagogical challenges in teaching regional literature in Southeast Asia. Journal of Southeast Asian Literary Studies, 8(1).*
41. *San Juan, E. (2019). Critical thinking through translated literary texts. Philippine Social Science Journal, 6(1), 20–31.*
42. *Santos, J., & Flores, M. (2022). Ang pagtuturo ng panitikang ASEAN sa kurikulum ng wikang Filipino: Mga pagkakataon at hamon. Journal ng mga Saliksik sa Timog-Silangang Asya, 14(2), 45–62.*
43. *Santos, R. M., & Flores, E. C. (2022). Curriculum issues in teaching translated ASEAN literary texts. Asian Journal of Literature, Culture and Society, 7(2), 61–75.*
44. *Santos, R. M., & Flores, E. C. (2022). Teaching ASEAN literature through translation: Pedagogical perspectives and challenges. Asian Journal of Literature, Culture and Society, 7(2), 45–60.*
45. *Shulman, L. S. (1987). Knowledge and teaching: Foundations of the new reform. Harvard Educational Review, 57(1), 1–22.*
46. *Tope, L. R. (2014). Approaching Southeast Asian literature: Issues in curriculum and translation. Philippine Studies, 62(2).*